

1

“I have received an intelligence report about big gun-running deals behind *Philippine Airways*. And this is quite alarming.” Tumambad sa wide screen ang company profile ng *Philippine Airways*. Ito ang pinakamalaking airline company sa bansa at sa Asya na may parehong local and international operations.

“There are also reports that these firearms were being supplied to kidnap-for-ransom syndicates, private individuals and *Al-Qaeda* network terrorists here in the country,” patuloy na pahayag ni Antonio Talavera, ang tumatayong pinuno ng Intelligence Operations ng *National Bureau of Investigation*.

Ang meeting ay tungkol bagong proyekto ng *NBI* na itinalaga at naunang ipinaliwanag sa kanya ng superior.

“Our mission is to confirm the illegal operation and to identify who among the directors of the company heads the reported gun smuggling.” Ipinakita sa projector ang mukha ng isang guwapong actor, commercial model at ang kasalukuyang endorser ng *Philippine Airways*.

That's Aidan Sy. Sino ba naman ang hindi makakakilala dito? sa isip ni Dominique habang nakatitig sa larawan ng lalaki sa screen, ang multi-awarded actor and most sought-after endorser ng iba't ibang multinational consumer brands plus being the sole endorser and spokesperson of *PAW*. But apart from his fame and personality, he was the heir apparent of *Philippines Airways*; his father, Filemon Sy being the largest stockholder, President and CEO.

“Luckily, we’ve got a report from *Global Entertainment Company*, the movie production company of *Global Entertainment Network* that’s producing an action movie with Aidan Sy as the male lead. The production team needs a gun and martial arts expert who would train the main actors. At the same time will do stunts for the female lead,” paliwanag ng opisyal habang ang pansin ay nakatuon sa detalye ng plano na makikita sa white screen.

“Agent Dominique delos Santos would act as the trainer of the main leads,” patuloy nito na sa kanya nakatingin. “We will penetrate *PAW* though Aidan Sy.” Partikular na tinutukoy nito ang paglapit niya sa aktor upang mapasok nila ang nasabing target.

Napalunok si Nicky sa narinig. Hindi niya inaasahan na ganito kalaki ang participation niya sa

kasalukuyang proyekto.

“Most of the scenes will be taken at the parameters of the cargo operations center. We will take that opportunity to deploy spy cameras and microfiber audio devices to monitor the illegal operation.” Seryosong nakatuon ang pansin nilang lahat sa sinasabi ni Director Talavera.

“You would be an official member of the production team. We already made arrangements with the movie company,” seryosong pahayag nito, sa kanya muli nakatuon ang mga mata. Nagpatuloy ito sa pagsasalita, “We sent three profiles of our agents to *GEC*. The production team chose you. You would also be doing some stunts for the female lead.

“This case is highly confidential. We are sole party working on this because of the sensitivity of the case. As you can see, it involves the country’s biggest conglomerate where both the country’s tourism and the employment of three hundred thousand people are at stake.”

“Dominique, prepare yourself for a meeting tomorrow with the production team. Get us a copy of the movie script para mapagplanuhan ng team kung kelan tayo p’wedeng makakapasok sa cargo operations center ng *PAW*,” utos ng kanilang boss.

“Yes, Sir,” seryosong tugon niya.

Pasado alas ocho na ng umaga, dali-dali siyang bumangon at dumerecho sa bathroom. Alas nueve ang meeting niya kasama production team ng GEC. Kakain na lang siya sa madadaanang fastfood restaurant. Habang nakatapat sa shower, hindi maiwasang ma-miss niya ang kanyang pamilya.

May-kaya ang angkan na pinagmulan ni Dominique. Sila ang may-ari ng pinakamalaking taniman ng pinya sa Davao at nagsu-supply ng nabanggit na prutas sa isa sa pinakamalaking canning company sa bansa.

Noong una ay pinipilit siya ng ama na kumuha ng Business Management at palaguin ang kanilang negosyo. Subalit iba ang pangarap ni Nicky sa buhay. Nang makatapos siya ng high school, nag-apply siya bilang exchange student sa US. Walang nagawa ang mga kanyang magulang nang magpaalam siya upang mag-aaral sa ibang bansa.

Nagtapos siya ng Bachelor of Arts in Political Science sa *University of Florida*. Nang makapagtapos siya ng kolehiyo ay bumalik siya ng Pilipinas at naghanap ng trabaho sa Maynila. Nakatira siya sa

isa sa tatlong condominium units na pinagtulungan nilang ipundar ng kanyang pamilya. Natanggap si Nicky bilang miyembro ng Intelligence Services ng *National Bureau of Investigation* dahil sa kanyang kaibigang si Marie na kaklase niya noong high school at kasalukuyang nagtatrabaho sa *NBI*.

Dalawa lamang silang magkapatid. Ang kanyang nakatatandang kapatid na lalaki, treinta-unos años at matanda sa kanya ng tatlong taon ay kasalukuyang nagtatrabaho sa isa sa pinakamalalaking pagawaan ng computer parts sa Nevada bilang computer engineer. Kahit simple lang ang kanilang buhay, masasabing nakaangat sila sa pangkaraniwan.

Faded jeans at itim na *Lacoste Porte Clef* polo shirt ang isinuot ni Nicky. Tinernuhan niya ito ng puting *Lacoste Iber* shoes. Nagpahid siya ng transluscent press powder sa mukha at naglagay ng manipis na red lipstick sa labi. Bumagay sa kanya ang simpleng suot. Balingkinitan ang kanyang pangangatawan at matangkad siya sa taas na 5'8". Pero ang tinuturing niyang asset ay ang kanyang mga mata at ilong na namana niya sa ina na may lahing Español.

Pagkatapos isuot ang kanyang *Cartier Trinity* ladies' watch at mag-spray ng paborito niyang pabango na *Giorgio Armani Aire EDT*, kinuha ng dalaga ang

kanyang *Lacoste* duffle bag, isinukbit sa balikat at tinungo ang parking slot na kinapaparadahan ng kanyang itim na sasakyan, isang *Toyota Fortuner*.

Simple at pormal. Ito siya kung ituring ng mga hindi nakakakilala sa kanya. Tahimik siya at seryoso. Disiplinado at strikto. Ito ay dahil sa pagkahilig niya sa martial arts at siya ay isang black belter. Miyembro siya ng Philippine Team sa shooting, archery at taekwondo para sa *Southeast Asian Games*. Lumaban din siya ng taekwondo sa katatapos na *World Olympics* na ginanap sa Beijing, China at nagkamit ng ikalawang karangalan.

2

“Hi, I’m Director Arlene Arroyo,” nakangiting pakilala sa kanya ng direktor ng production team ng pelikulang pagbibidahan ni Aidan Sy.

“I am Dominique delos Santos. Just call me, ‘Nicky’, Ma’am,” tugon niya saka ngumiti sa babae na sa tantya niya ay nasa late forties na. Popular ang nasabing direktor na nakagawa ng mahigit sa tatlumpung hit movies and teleseries. Ang pinakahuli nitong pelikula ay nagluklok dito bilang *Best Director for Foreign Films* sa katatapos na *Cannes Film Festival* na ginanap sa France.

“Just call me ‘Lyn.’” Iniabot nito ang kanang kamay sa kanya, sabay pabirong sinabi, “Dapat siguro naging artista ka kesa martial arts trainer.”

“I can be good at both, Direk,” balik-biro ng dalaga na ikinatawa ng kausap.

“Anyway, we’ll be discussing the terms, conditions and your roles at the meeting with my executive producer and the rest of the production team at the brainstorming session.”

Tumango siya at ngumiti.

“Thank you, Direk. I’ll do my best for this production.”

“That’s great. By the way, the meeting will be held at the audio visual conference room. So we’re going there now.”

Sabay nilang tinungo ang nasabing silid. Naramdaman ni Nicky ang sobrang lamig pagpasok nila roon kaya inilabas niya ng kanyang green jacket.

Walong tao ang dinatnan nila sa conference room. Naupo siya sa pinakadulong bahagi ng pabilog na mesa na sa tantya niya ay pantatlumpong tao. Bawat isang upuan ay may nakatapat na mikropono. Sa bandang gitna ng silid ay mayroong white screen para sa projector. Nang tumingala siya ay napansin niya ang iba’t ibang nakasabit na malalaking ilaw.

“Hi, Simon, is everybody here?” tanong nito sa lalaking nag-abot dito ng mga papel.

“Nope, EP, AP, and the two main leads are not here yet. Aidan Sy will be here in twenty minutes. He’s still in *Fashion 202*,” sagot nito sa direktor. Ang tinutukoy nito ay ang fashion TV show ng actor. Live ito kaya maghihintay pa marahil sila ng humigit-kumulang kalahating oras bago mag-umpisa ang meeting. Tumingin sa kanya ang binata. “And who

is that lovely *Pocahontas* with you?” tanong nito kay Arlene.

Ipinakilala sila ng babae sa isa’t isa. Si Simon ay ang assistant director nito.

“Nice meeting you, Sir,” pormal na tugon ni Nicky rito.

“Masyado ka namang pormal. Bata pa ako. Please call me ‘Simon’.” They shook hands.

Bahagyang ngumiti ni Nicky. Mukhang playboy ang lalaki. Kung maaari sana ayaw niyang masyadong napapansin dahil sa confidentiality ng trabaho. Kailangan niyang laging low profile para hindi mabulilyaso ang kanyang assignment. Pinaputol niya nang maigsi ang kanyang buhok para hindi makatawag ng pansin. Bahagya niyang hinila ang kamay nang napansin niyang hindi pa rin iyon binibitawan ni Simon.

“You look familiar. Have you appeared at any of our shows here?” tanong nito.

“Ah, maybe you saw her at *World Olympics*. She got the silver medal last year for winning second place in taekwondo. She also previously won the gold medal for archery at the *SEA Games*,” sabat ni Arlene.

“Really?” Mukha itong na-impress. “How come you didn’t do commercial or perhaps join auditions?” tanong nito sa kanya.

Ngumiti lang siya rito. Natigil ang usapan nila nang magkasabay na pumasok sa kuwarto ang kanina pang hinihintay na main leads ng gagawing pelikula.

Si Aidan Sy, sabi ni Nicky sa sarili. Hinila nito ang upuan sa harapan niya. Katabi nito sa mesa ang direktor. *God, he’s even more gorgoeous in person!* Bigla siyang natulala. *Ito na yata ang tinatawag na starstruck.*

His eyes, nose and lips were like drawn to perfection. His even toned ivory skin seemed just like he never had a single blemish all his life. Ngumiti ito at humalik sa pisngi ni Arlene. *He also has a perfect smile.* Nakasuot lamang ito ng white slightly fitted shirt at blue jeans pero ang lakas ng appeal. Tanya niya ay six feet ang taas nito. He had broad shoulders and lean body. Maikli ang buhok nito.

Hay, some people are born lucky... sabi ng dalaga sa sarili. Bahagya niyang ipinilig ang ulo. Nandito siya para magtrabaho at umisip ng paraan kung paano niya makukuha ang loob nito and not to be smitten by his charm.

Humila naman ng upuan sa tabi ng actor ang bidang actress. *So this is Nadine Vivar in person.* Seksing-seksi ito sa halter blue dress at black high heels. Medyo makapal ang makeup nito, pero aminado siya na maganda ang rehistro ng actress sa camera. Tanya ni Nicky ay mas matangkad siya rito nang tatlong pulgada. Matamis kung ngumiti ito lalo na pag napapatingin sa guwapong actor.

Nagsalita ang direktor. Bahagyang naging mas maliwanag ang ilaw sa conference room.

“Good morning, everyone, today is the pre-production meeting and the brainstorming session of our new project, *The Assassin* as the working title,” panimulang pahayag nito habang isa-isang pumipirma ang mga taong naroroon sa production contract na umiikot sa conference table. Mayamaya pa ay ibinigay na sa bawat isa sa kanila ang script.

“Everyone is familiar with each other naman, di ba?” sabi nito habang iniikot sa lahat ng mga naroon ang paningin. “We have three new members of the production team.” Tumingin ito sa kanya at sa dalawang iba pa. “They are outsourced video editors from *U-Line*, Christine and Jacob would join our team,” pakilala nito. Tumayo ang dalawa at ngumiti.

“The other new member here is Dominique; she’s

a part of *Taekwondo Federation of the Philippines*. She's a martial arts and gun expert and would train Aidan and Nadine during the pre-production phase of the movie."

Nagpasalamat siya sa direktor matapos ay ngumiti habang iginagala ang kanyang paningin sa mga taong kasama sa meeting. Napansin niyang nakatingin sa kanya si Aidan nang mapadaan ang tingin niya rito. Bahagya itong tumango at ngumiti sa kanya. Ang simpleng aktuwasong iyon ng actor ay nagpabilis ng kabog ng kanyang dibdib. Kaya naman matapos niyang ngitian ito ay nagbaba na siya ng tingin. Iyon ang unang pagkakataong pinabilis ng isang simpleng tingin ang tibok ng kanyang puso.

Ipinaliwanag na ni Lyn ang phases ng proyekto at ang time frame nito. Ang proyekto ay tatakbo ng animnapung araw. Ang unang labing-dalawang araw ay ang pre-production phase. Tungkol ito sa paghahanda ng bawat miyembro para sa kani-kanilang mga tungkulin sa produksyon.

The training for Aidan would run only for fourteen days. Mukha naman siyang fit at active and he's been doing action movies before, ani Nicky sa sarili. Ngunit nang mapatingin siya sa actress ay bahagya siyang napangiwi. Mukhang dito siya mahihirapan.

Apatnapung araw naman ang shooting o production ng pelikula. May humigit-kumulang na sampung eksena na gagawan niya ng stunts na pawang mga komplikado. Ang natitirang walong araw ay para sa post-production o digital editing ng pelikula.

Alas diez ng umaga ang schedule nila para sa training kinabukasan. Sabay niyang tuturuan sina Aidan at Nadine. Hanggang alas doce ang martial arts session nila sa *GEC Sports Complex* pagkatapos ay lilipat sila sa *Alpha Shooting Range* para na gun training session.

Alas nueve pa lamang ng umaga ay nasa *GEC Sports Complex* na siya. Pasakay siya ng elevator nang may isang lalaki na bumati sa kanya.

“Nicky, ang aga mo naman,” masayang salubong ng assistant director na si Simon.

“Oo nga, eh, napaaga ‘ata ako. Halata bang excited ako sa first day ng training namin?” biro niya.

“Hindi naman masyado. Nag-breakfast ka na ba?”

“Hindi pa nga, eh.”

“Lika, breakfast muna tayo. Isang oras pa bago makarating si Aidan, nasa *Fashion 202* pa siya.”

Magkasabay silang nag-almusal sa canteen na nasa ground floor ng gusali. Pagkatapos nilang kumain ay nagtungo na sila sa *GEC Sports Complex*.

“Aidan became my best friend after working with him for three years on seven movies and TV projects. He’s the nicest person I’ve ever met,” anito habang naglalakad sila.

Wala pang tao pagdating nila roon.

“Yeah, he seemed nice,” sagot niya.

“And he has everything a girl would wish for. He has so much in life and so much to have.”

Hindi nila namalayan ang pagdating ng isang pigura hanggang sa nagsalita ito sa kanilang likuran.

“Hi, Simon, Nicky is mine for today, if you don’t mind...” biro nito kay pagkatapos ay itinuro ang pinto. Ngumiti ang assistant director.

“Speaking of the angel, here he comes,” pabirong sabi ni Simon pagkatapos ay humarap sa kanya. “Dominique, I’ll hand Aidan to you. Pag may nangyaring kahit ano sa kaibigan ko, mananagot ka sa kin,” biro pa nito.

“Sure, by all means,” aniya.

Pinigil niya ang sariling titigan ang bagong dating na actor. Starstruck na naman siya. Nakasuot ito ng puting jogging pants at aquamarine t-shirt. Bumagay rito ang preskong amoy ng *DKNY Apple for Men*.

Ilang sandali pa ay dumating si Nadine. Binati nito ang dalawang taong nadatnan doon. Humalik pa ito sa pisngi ng actor.

“I would like to state some points before we start. This training requires more focus and strength so let’s exert more effort with the project. Focus means putting your entire concentration toward the goal. Discipline is our main principle and obedience is an attitude. In this room, the two of you are my trainees and I am your trainer. You have to observe rules and follow my instructions. I’m counting on your cooperation,” seryosong paliwanag ni Nicky sa main leads ng pelikulang *The Assassin*.

Nakita niya kung gaano kadisiplinado ang dalawa. Seryoso ang mga ito sa pakikinig

“We’re gonna do some stretching first while I am giving you an overview of the sport.”

Pinalinya niya ang dalawa nang magkatapat na posisyon may tatlong metro ang layo. Nakaharap siya

sa mga ito. Inumpishan niya ang stretching exercise at sumunod sina Aidan at Nadine.

Tulad ng kanyang sinabi, nagbigay siya ng overview tungkol sa sport na ituturo niya. Matamang nakinig ang dalawang showbiz celebrities.

Pagkatapos ng sampung minutong conditioning exercise ay kinuha ni Nicky ang dalang tatlong bote ng mineral water sa kanyang bag. Ang dalawa ay iniabot niya sa mga ito.

“Thanks...” sabi ni Aidan nang abutin ang bote ng mineral water mula sa kanya. Naramdaman niya ang pagdampi ng kamay nito sa balat niya. She shivered with that simple touch. Kinuha rin ang actress ang iniabot niyang mineral water para rito. Mayamaya ay itinuloy nila ang training.

Fighting stances such as kicks and hand attacks ang ipinaliwanag ni Nicky. Ang unang itinuro niya ay ang tinatawag na walking stance.

The next technique is the L- stance which is a standard fighting stance used in taekwondo to prepare for kicking.

Ang dalawang stances na itinuro niya ay nakuha namang gawin ng mga trainees.

Nasa ganoong ayos sila nang bumukas ang pinto ng silid kung saan ginaganap ang training. Dumating ang direktor at may tatlo itong kasama.

“Hi, guys! How are you doing?” nakangiting bati nito sa kanila. “Dominique, pinahirapan ka ba ng dalawang ito?” birong tanong nito.

Ngumiti siya sa direktor. “No. They’re both good. Hindi na nga nila kailangan ng trainer, eh,” aniya.

Lumapit ang isang babae kay Nadine na hinuha niya ay alalay ng actress. May dala itong bag. Kaagad na kinuha ni Nadine sa kamay ng alalay ang dalawang mobile phones at ang tuwalyang nakasampay sa balikat nito. Si Aidan naman ay nilapitan ng isang lalaki na may dala ring bag.

Nagsalita si Direk Arlene na sa kanya nakatingin. “That’s Mang Johnny, Aidan’s assistant and road manager, the other one is Philip, his bodyguard. That’s Nora, Nadine’s personal assistant.” Isa-isa nitong itinuro sa kanya ang mga ito.

Pagkatapos niyon ay tinawag ng direktor si Aidan.

“Mag-lunch na kayo, guys, then proceed to *Alpha Shooting Range*,” bilin nito. Bumaling ito sa actor. “Aidan, pick up the rifles that you will use at

Tri-Ace bago kayo tumuloy sa *Alpha*. Isabay mo na si Dominique. She's not familiar around New Manila." Ang tinutukoy nito ay ang lugar na kinaroroonan ng shooting range.

Inilipat nito ang pansin sa kanya. "Iwan mo na ang sasakyan mo dito, Nicky. Babalik din naman si Aidan dito mamayang hapon for his pictorial at four p.m."

Nang biglang nagsalita si Nadine. "Sasabay na rin ako kay Aidan Direk. Wala kasi akong driver ngayon. I don't know the place, either.

"Teka, nakita ko ang driver mo sa lobby kanina, ah," singit ni Mang Johnny, assistant ni Aidan.

"Pinauwi ko na siya, he got an appointment with his doctor," sagot ng actress sa matanda.

"Mang Johnny, please take note of Aidan's pictorial at four this afternoon, ha," paalala ni Arlene sa assistant ng binata.

"Yes, Direk."

"Aidan, sabay na tayong mag-lunch," malanding sabi ni Nadine, sabay abrisete sa actor.

Napatingin naman sa kanila si Aidan, mukhang nahihiya. Iiling-iling lamang si Mang Johnny. Pinili

niyang dumerecho sa kanyang kotse. May pagkain naman siya roon; iyon na lamang ang pananghalian niya. Wala siyang ganang kumain kapag pagod.

“Sumabay ka na sa aming mag-lunch,” aya ng matanda.

“Mauna na po kayo. Hindi kasi ako kumakain pag pagod, I’ll have a tendency to overeat,” sagot niya.

“Kaya pala lalo kang sume-sexy, eh, health conscious ka pala.”

Ngumiti lang si Nicky sa sinabi nito at umalis na. Hindi niya napansin na pinagmamasdan siya ni Aidan habang siya ay papalayo.

How could a girl with a short hair be that attractive? anito sa isip. Napangiti ito nang maalala ang seryosong mukha ng dalaga habang tinuturuan sila ng stunts.

Napatigil si Aidan nang sikuhin siya ni Nadine.

“Hey, don’t tell me you like that girl,” anito na ininguso ang papalayong si Dominique.

Napailing siya sa sinabi ng actress, sabay talikod. Sumunod ito sa kanya.

“Hey, Aidan, wait for me. Sabay na tayong mag-

Guns And Kisses - Apple Jacinto

lunch!” sigaw nito sa papalayong actor.

3

Habang naghihintay si Nicky sa parking lot, nag-ring ang kanyang cellphone. Hindi naka-register sa kanyang telepono ang numero. Pinindot niya ang answer key.

“Where are you?” tanong nito sa kanya. Si Aidan ang nasa kabilang linya. Malamig at buo ang boses nito sa telepono. Masarap pakinggan.

“I’m at Level II, D-4.” Doon naka-park ang kanyang sasakyan.

“Okay, See you,” sabi nito at pinutol na ang tawag.

Kinuha niya ang kanyang duffle bag na kinalalagyan ng kanyang gamit at ang service firearm.

Pagkasara ng pinto ng sasakyan ay natanaw niya ang paparating na *Bentley Continental*. Iyon ang sasakyan ni Aidan. Bumaba ito at binuksan ang pinto ng kotse sa front passenger seat.

Gusto niyang kiligin sa pagiging gentleman ng binata pero pinigilan niya ang sarili.

Nagpasalamat siya at piniling huwag bigyan ng

kahulugan ang gesture na iyon ng lalaki.

“Where are they?” tanong niya na ang tinutukoy ay ang bodyguard nito at si Nadine na makikisabay rin sa kanila.

“They’re waiting at the lobby,” sagot nito.

Dumukwang ito upang hilahin ang seat belt at ikabit sa kanya. Napasinghap si Nicky sa halos isang pulgada na layo ng mukha nito sa mukha niya.

Nagbiro ito. “Relax, hindi naman ako nangangagat,” sabi nito pagkatapos i-lock ang kanyang seat belt. Pagkatapos ay ang sarili naman nitong seat belt ang inayos.

Tinutudyo kaya ako nito dahil nararamdaman na binibigyan ko ng malisya ang ginawa niya? naisip ng dalaga.

Pinatakbo na nito ang sasakyan. Nang tumapat sa main entrance ng sports complex, tumigil ito para isakay ang dalawa na naghihintay sa lobby.

“I’ll just hand my car key to the valet,” paalam ni Nicky at bumaba sa sasakyan.

Iniabot niya ang susi sa guwardiya. Akmang babalik siya sa *Bentley* nang makipag-unahan sa kanya si Nadine na makaupo sa front seat.

“Sorry, the front seat is taken,” sabi nito sa kanya. Wala siyang nagawa kundi gumawi na lamang sa backseat ng sasakyan kahit pa inis na inis sa babae.

Patience, Dominique, ‘wag ka nang pumatol sa babaeng ‘yan, aniya sa sarili.

“Wow! I like this car, Aidan. It’s much comfortable than the *Benz* we rode when we had our dinner,” malakas na saad nito na parang ipinaparinig sa kanya ang salitang ‘dinner’.

Hindi umiimik ang binata. Binuksan nito ang stereo ng sasakyan at hinayaang pumailanlang ang music.

Nagkunwari naman si Nicky na hindi naririnig ang mga sinabi ng antipatikang actress. Sa halip ay kinuha niya sa bag ang *Oakley sunglasses*, isinuot iyon at ipinikit ang mga mata.

Nagising siya mula sa pagkakaidlip nang huminto ang sasakyan at bumukas ang pinto sa backseat. Lumabas ang bodyguard ni Aidan para kunin ang mga baril na gagamitin sa pelikula.

Habang hinihintay nilang bumalik si Philip na noon ay pumasok sa shop, napansin ni Nicky ang dalawang sasakyan ilang metro ang layo mula sa unahan at likuran nila. Tinted ang salamin ng mga

iyon. Kinuha niya ang dalang binoculars sa bag. Tinandaan niya ang plate numbers ng mga sasakyan. Nang muling binuhay ni Aidan ang makina ng *Bentley*, napansin din niyang umabante ang sasakyang nasa likuran nila.

Kinuha ni Nicky ang dalang dalawang rifles mula kay Philip at binulungan ito.

Tumango ang bodyguard. Ikinasa nito ang dalang baril.

“What’s the problem?” tanong ni Aidan at nilingon sila. Nakita nito na inihanda nila ang baril.

“Fasten your seat belt, Nadine!” sigaw niya sa actress.

“Sir, kanina ko pa napapansin ang pagsunod sa atin ng sasakyang ‘yon,” sagot si Philip sa amo.

Binigyan niya ng instruction si Aidan. “Focus, have your two hands fixed on the wheel.”

Kinuha niya ang isang .45 caliber at ikinasa. S sinabihan niya ang bodyguard na humanda.

“Drive the car, Aidan. Huwag kang hihinto kahit ano’ng mangyari,” utos niya sa actor. Pinasibad nito ang sasakyan. Nakatuon ang kanyang pansin sa sasakyan sa unahan habang si Philip ay nagmatyag sa

sasakyang nakasunod sa kanila. Nang ilang metro na lang ang layo nila sa sasakyang nakaabang sa kanila ay nagbabaan ang mga sakay nito. Ibig sabihin nito ay kukunin sila. Pawang mga armado at may takip sa mukha. Huminto ang actor at nag-aalalang lumingon sa kanya.

Nilingon ni Nicky ang isa pang sasakyan na ilang metro ang layo mula sa likuran nila. Umabante ito.

Nagpasya siyang kunin ang manibela sa actor.

“Move!” sigaw niya rito, sabay lipat sa driver seat. Dalawa na sila sa manibela. Mabilis ang kanyang naging kilos nang makita niyang bumaba na rin ang mga sakay ng sasakyang kanina lamang ay sumusunod sa kanila. Nakaramdam siya ng kakaibang init sa pagkakasandal niyang iyon kay Aidan.

“Dapa!” sigaw niya at matuling pinasibad ang sasakyan.

Pinaputok ng isa sa mga lalaking nakaharang sa kanila ang dala nitong sub-machine gun bilang hudyat ng pagpapatigil sa kanila. Lalo niyang binilisan ang takbo. The car was literally flying. Nagpaulan ng bala ang mga ito. Naramdaman niya ang biglang pamamanhid ng kaliwang braso.

Ang mga armadong kalalakihan naman ay

sumakay sa sasakyan at humabol sa kanila.

“Damn, you’re wounded!” sigaw ni Aidan nang makita ang mabilis na pag-agos ng dugo sa kaliwang braso niya. Kaagad nitong kinuha ang panyo sa bulsa at itinali sa duguang braso niya. Na-touch siya sa nakitang sobrang pag-aalala sa mukha nito.

“Nadine, move to the back!” malakas na sigaw nito sa actress na sinunod naman ng babae sa kabila ng pagsisigaw. “Dominique, ako na ang magda-drive.” Kinukuha nito sa kanya ang manibela, subalit hindi niya iyon binibitiwan. Ang isang kamay ng binata ay nakakapit sa duguan niyang braso.

Nilingon ni Dominique ang humahabol sa kanila. Mabilis ang takbo ng mga sasakyan. Nang sa tantya niya ay limang metro na lamang ang layo ng mga ito sa kanila ay bigla siyang nagpreno at kinabig ang manibela pabalagbag sa daraan ng mga ito. Pagkatapos ay pinatakbo niya ang sasakyan upang patamaan ang mabilis na pagdating ng kalaban. Sapul ang tagiliran ng sasakyan ng mga armado, umikot-ikot sa kalye at bumangga sa isang taxi na papalabas ng New Manila.

Malakas na pagsabog ang huling narinig ni Nicky bago siya nawalan ng malay.

Putting kisame ang unang nakita ni Nicky pagmulat ng kanyang mga mata. Kasabay iyon ay nasamyo niya ang isang pamilyar na amoy ng pabango. Nang tumingin siya sa kanang bahagi ng kanyang kama, nakita niya si Aidan. Nakaupo ito at nakapikit. Nakasuot ito ng faded blue jeans at white polo shirt. He still looked gorgeous even when asleep. Iginala niya ang paningin sa paligid. Pumasok sa isip niya ang nangyari. Nababalot din ng bandages ang kanyang kaliwang braso. Ang suot niya ay hospital gown na may nakasulat na *St. Luke's Medical Center* sa dibdib. Marangya ang kuwartong kinaroroonan niya.

Sinubukan niyang bumangon. Wala na siyang iba pang nararamdaman maliban sa masikip na nakatali sa kanyang braso. Tinungo niya ang comfort room.

Tulog pa rin ang binata. *Nasaan kaya ang aking mga damit?* tanong ni Nicky sa sarili. Tiningnan niya ang orasan, mag-a-alas-diez na ng gabi. Ibig sabihin, mahigit walong oras pala siyang nakatulog. Umupo siya sa gilid ng kama paharap sa natutulog sa lalaki. Inilapit niya ang kanyang tainga sa mukha nito upang tingnan kung tulog nga ito. Ngunit biglang nagmulat ang mga mata nito.

“Do I look more gorgeous sleeping?” pabirong

tanong ni Aidan.

Naramdaman niya ang pag-iinit ng kanyang mga pisngi. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin.

“You’re blushing...” lalo pa siya nitong tinudyo.

“Ah... eh... I feel fine now. Can I have my clothes so I can go home?” tanong ni Nicky.

“Hey, better rest more. Bukas na tayo umuwi,” sabi nito.

“Tayo?” takang ulit niya. “Kahit galos nga’y wala ka, why stay here sa hospital? Saka, don’t worry, okay na ako. Wala ‘to,” tanggi niya.

“The doctor said you need to rest,” tugon nito.

“Baka nag-aalala na ang mga parents ko...”

Nasa ganoon silang pag-uusap nang pumasok ang isang sopistikadang ginang. Bagaman may-edad na, nababakas dito ang angking ganda at karangyaan sa buhay.

Nakangiting lumapit ito sa kanya.

“Ma...” Lumapit dito si Aidan at humalik sa pisngi nito. “Dominique, this is my mother. Ma, this is Dominique, our trainer for the upcoming movie and my savior.”

“Hija... thank you so much for saving my son. Kung hindi dahil sa iyo ay baka kung ano na’ng masamang nangyari sa anak ko,” sabi nito sa kanya, sabay kuha ng kanyang kamay.

“Naku, wala po ‘yun,” nahihiyang sagot ni Nicky sa ginang.

“Stay here muna at bukas ka na lumabas. Mag-isa ka lang naman sa condo mo, walang magbabantay sa ‘yo. Siyanga pala, ‘yung mga gamit mo and ‘yung bag mo, dadalhin dito ng maid mamaya. Pina-laundry ko na muna.”

Binalingan nito ang anak. “Aidan, stay here first. Huwag ka na munang umuwi, maraming reporters sa ibaba. Magpapa-presscon si Philip ngayon tungkol sa nangyari. Si Nadine naman ay na-interview na kaninang hapon. I instructed our lawyers to coordinate with the police regarding the incident.” Ibinalik nito ang pansin sa dalaga. “Hija, mauna na ‘ko. And thank you so much.” Niyakap pa siya nito.

“Take care, Ma.” Muling humalik si Aidan sa pisngi ng ina.

“Siguro n’ung naghulog ng suwerte ang Diyos ay nakuha mo na lahat,” pabirong sabi ni Nicky habang

sabay silang kumakain ni Aidan ng late dinner. Nagpa-deliver ito ng pagkain mula sa isang malapit na restaurant, sashimi at rice rolls ang in-order nito.

“Hindi naman siguro. Siyempre there are things that I am blessed with, meron ding hindi ibinigay sa ‘kin,” nakangiting sagot ng kaharap.

“Ha? Talaga? With all that has given to you, meron ka pa bang wish na hindi mo pa nakukuha?” tanong ni Nicky pagkatapos ay isinubo ang isang piraso ng sashimi.

Bigla lumungkot ang anyo ni Aidan.

“Oo, akala lang ng iba ay perpekto ang buhay ko. But I am facing a much more complicated life than other people think.”

“Ano naman kaya ‘yun? You got the fame, the looks, the riches... what more could you ask for?”

“There are things I thought of which are more important than fame and riches.” Ibinaba ng lalaki ang chopsticks sa gilid ng food wrapper at nagpatuloy sa pagkukuwento. “My father left my mother when I was seven. He has another family; walang nagawa ang mommy ko nang sabihin niya na may iba na siyang pamilya. I have a twenty-two year old sister.”

Nabigla si Nicky sa nalaman. Sino nga ba ang mag-aakala na ang perfect celebrity na ito ay may problema rin pala.

“Ang mahirap, being the legal heir of *Philippine Airways*, sa balikat ko nakapatong ang lahat ng responsibilities of running the corporation with the board of businessmen na hindi ko alam ang mga intentions sa kompanya.”

Totoo pala ang intelligence reports na nakarating sa kanila na tini-train ito ng ama upang pumalit sa puwesto.

“I’m glad that a person like you shares personal things sa isang tulad ko.” Sa puso ni Nicky ay sinsero ang mga katagang iyon.

“What’s with the words ‘tulad mo’ at ‘tulad ko’? Tao rin naman ako. I am no different from you.” May halong pagbibiro ang mga katagang iyon.

Iyon ang isa pang nagustuhan ni Dominique sa binata. Masarap itong kasama. Very down-to-earth ito sa kabila ng mataas na estado sa buhay.

Nang mga sandaling iyon, nagbago ang tingin niya rito. “Ang bait mo naman, kaya pala maraming nai-in love sa ‘yo,” biro ng dalaga.

“Love? Siguro nga,” kibit-balikat nito. “But if I wasn’t Aidan Sy, I am afraid there won’t be any.”

“That means God loves you.. you are special kaya sa ‘yo ibinigay ang lahat ng ‘yan. There could only be one Aidan Sy in this world,” komento ni Nicky na ikinangiti ng binata.

“Talaga? Does it mean I am special to you too?” makahulugang tanong nito.

Biglang namula ang kanyang pisngi. Hindi niya alam kung papaano sasagutin ang biro nito.

“Uh... siyempre naman, you are special. I’m sure girls would get jealous of me when they find out I’ll be spending a night with Aidan Sy.”

Nangiti ito at tinitigan siya. Bigla siyang naasiwa.

“I mean... ganito... ah... ‘yung kausap ka,” medyo nabulol na saad ni Nicky.

“You know what made you special to me?” tanong nito.

Tumingin ang dalaga rito na tila napapantastikuhan. “Ano naman ‘yun?” Hindi kaagad ito sumagot, tumitig muna sa kanya nang ilang saglit. Isang matamis na ngiti ang sumilay sa mga labi nito pagkatapos.

“Okay lang, huwag mo nang sabihin. I can’t also think of anything special with myself,” aniya na ipinagpatuloy ang pagkain.

“No... meron... honestly, you are the first girl I met that didn’t flaunt in front of me. The first time we met, blangko ang tingin mo sa ‘kin,” nangingiting tugon ng lalaki.

“Ah, just like in movies? She’s different because she inflated his ego with curiosity?” biro niya.

“It’s not curiosity, Dominique,” nakangiting saad nito.

“Then it’s just simply the need to know that people are different. The people you may have dealt with before are just on one side of a coin. There’s still another side of it.”

“Then I am starting to like that other side of it,” ani Aidan pagkatapos ay tumalikod. Nabigla siya sa sinabi nito.

Kumuha ang binata ng isang bote ng cabernet sauvignon sa refrigerator at naglabas ng dalawang kopita saka nagsalin doon. Nang bumalik ito ay iniabot sa kanya ang isang wineglass.

“C’mon, let’s have a toast. For our second life,”

nakangiting sabi nito.

Tinanggap iyon ni Nicky. Bahagyang dumampi sa kamay nito ang kanyang kamay. May kung anong init ang idinulot ng simpleng pagkakadikit na iyon ng kanilang mga balat. Ininom niya ang laman ng hawak na kopita. Napansin niyang bahagyang natigilan din ang binata. Ilang sandaling katahimikan ang namayani nang basagin iyon ng biglang pagtunog ng telepono nito. Nagpaalam ito upang sagutin ang tawag at saka tumalikod. Sinamantala niya ang pagkakataon upang bumalik sa kama. Kinuha niya ang cellphone at tumingin doon. Hindi niya namalayan na nakatulog na pala siya.

Nilapitan ni Aidan ang dalaga. He couldn't help staring at her. She's so simple, lively and brave. Hindi niya malimutan ang tapang na ipinakita nito kanina nang harangin sila ng mga armadong lalaki. That was the first time he felt so scared. Hindi dahil takot siyang mamatay kundi dahil natakot siya nang makita niyang tinamaan ng bala si Nicky.

Kinuha niya ang cellphone sa kamay nito at inilagay iyon sa maliit na mesa sa tabi ng kama. Hindi niya napigilan ang sarili na haplusin ang mukha ng dalaga. Matapos itong kumutan ay pinatay niya ang lampshade at humiga sa sofa.

Mag-a-alas-seis ng umaga nang magising si Nicky sa ring ng kanyang telepono na nasa side table. Ang kanyang boss ang nasa kabilang linya. Tatawagan sana niya ito nang nakaraang gabi, ngunit hindi niya namalayan na nakatulog na pala siya. Nakita niya si Aidan na mahimbing na natutulog sa sofa. Pumunta siya ng comfort room upang sagutin ang tawag ng kanyang boss.

“Hello, Sir,” sagot niya sa opisyal.

“Dominique, what happened to you? We heard the news about the ambush. We’ve been trying to contact you but to no avail. Hindi ka man lang tumawag,” nag-aalalang panimula nito.

“Sir, I was wounded. Hindi na rin ako nakatawag last night. I’m here at *St. Luke’s* now. I am on my way to office.”

“Okay, be here. Magpapatawag ako ng emergency meeting ngayon. Anyway, the incident was broadcasted on national television. Huwag kang magpapa-interview,” paalala nito.

“Yes, Sir.”

Dali-dali niyang tinungo ang closet kung saan

naroroon ang damit niya. Dinala na iyon ng katulong nina Aidan nang nakalipas na gabi habang hinihintay nila ang pagkain na in-order ng binata. Pagkatapos magbihis ay dinampot na niya ang kanyang duffle bag. Mahimbing pa rin na natutulog ang binata. Ayaw niyang gisingin pa ito upang hindi na magtanong kung saan siya pupunta. Kinuha niya sa kama ang kumot na ginamit niya at ipinatong iyon sa katawan ng lalaki. Tahimik siyang umalis.

“Dominique, ano’ng nangyari?” natatarantang salubong ng kaibigang si Marie pagdating niya sa opisina. Nadatnan niyang naghihintay ito sa labas ng opisina ni Director Talavera. “Tinatawagan kita kahapon, hindi naman kita makontak. Okay ka na ba?” anito habang tiningnan nito ang naka-bandage niyang braso.

“Okay lang ako,” aniya upang pawiin ang pag-aalala nito.

“Thank God you’re okay.” Niyakap siya ng kaibigan.

Ilang sandali pa ay pumasok na siya sa opisina ng kanyang superior. Sumaludo siya rito.

“Mabuti at nandito ka na, Dominique. Ayon sa opisyal na pahayag ng *PNP*, kidnapping ang

motibo ng naturang ambush. Kinilala rin ang isa sa mga namatay sa insidente na miyembro ng isang makapangyarihang kidnap-for-ransom syndicate, And it seems na ang pinaka-target nila ay si Aidan Sy,” pahayag nito, sabay abot sa kanya ng newspaper.

Saglit niyang pinasadahan ang artikulo. Nagsalita siya. “Yun din ang hinala ko, Sir. Sinundan kami at nagtangka silang pababain kami ng sasakyan bago kami pinaulanan ng bala. Huwag kayong mag-alala, hindi ako magpapa-interview o magbibigay ng kahit na anong statement para hindi na magkaproblema pa ang operasyon natin.”

“Maayos na ba ang pakiramdam mo? Kailangan mo ba ng back-up para mag-train sa mga artista?”

“Okay na po ako, Sir. Daplis lang naman ito, saka sa braso lang. Gusto kong tutukan ang production para makakalap ako ng impormasyon na makatutulong kung papaano tayo makakapasok sa PAW.”

Nakasakay na si Nicky ng taxi pauwi nang tumunog ang kanyang cellphone. Si Direk Arlene ang nasa kabilang linya. Sinagot niya ang tawag.

“Kumusta ka na? Maayos na ba ang sugat mo?” tanong nito, may himig ng pag-aalala ang tinig nito.

“Okay na po ako,” magaan na tugon niya. “Daplis

lang po ang tama pero magaling na. I'll be there tomorrow. Thanks."

"No, Dominique, ako nga ang dapat magpasalamat sa 'yo. Kung hindi dahil sa 'yo baka kung ano ang nangyari sa kanila." Ang tinutukoy nito ay ang dalawang artista.

"Naku, maliit na bagay lang po 'yon."

"But I am still very thankful to you. Magpahinga ka nang mabuti." Pinutol na nito ang tawag.

Mayamaya ay nag-ring ulit ang telepono niya. Biglang bumilis ang tibok ng kanyang puso. Si Aidan iyon. *God, bakit sobrang nae-excite ako sa tawag pa lang niya?* Maski kumakabog ang dibdib ay sinagot niya ang tawag ng lalaki.

"Hello," anito sa kabilang linya. Hindi kaagad siya nakapagsalita dahil pakairamdam niya ay napipi siya. "Nicky, are you there?" pukaw nito.

"Ah... yes, hello..." Pinilit niyang gawing pormal ang pagsasalita niya.

"Hey, you didn't bother to wake me up this morning when you left," may halong tampo na sabi nito.

"Ayaw ko na kasing abalahin ang tulog mo dahil

alam kong pagod ka,” matipid na tugon niya.

Malalim na buntong-hininga ang narinig niya sa kabilang linya. Ilang segundo rin na wala siyang narinig na salita mula rito.

“By the way, the production team will hold a thanksgiving dinner tonight after the press conference. That would be around seven in the evening at our house in Dasma. Please be ready by then, dadaanan na lang kita sa place mo.”

Gusto sana niyang tumanggi. Hangga’t maaari ay ayaw niya masyadong mapalapit dito. Ngunit naisip ni Nicky na maaaring makatulong iyon sa proyektong hawak niya. Pumayag siya.

“Sige, pero para hindi ka na maabala, you can just give me the address. I’ll just take a taxi.”

“No, Nicky, on the way naman ang tinutuluyan mo sa bahay namin. I’ll drop by at fifteen minutes before seven.” Hindi siya nito binigyan ng pagkakataong tumanggi.

Ayaw aminin ng dalaga sa sarili na excited siya na isipin ang effort ni Aidan na personal siyang sunduin. Subalit ayaw niyang bigyan iyon ng kahulugan. Siguro ay gusto lamang nitong magpasalamat sa ginawa niyang pagliligtas dito.

Binuksan niya ang telebisyon para abangan ang press conference ng production team ni Direk Arlene. Eksaktong alas tres ng hapon nang ipalabas ang balita hinggil sa tangkang pagkidnap sa dalawang artista.

“Nalagay sa peligro ang buhay ng actor-model at anak ng may-ari ng Philippine Airways na si Aidan Sy at ng actress-model na si Nadine Vivar kasama ang dalawang miyembro ng crew ng Global Entertainment Company nang tangkain silang dukutin ng isang kidnap-for-ransom gang. Patungo ang grupo ng dalawang artista sa Alpha Shooting Range para sa paghahanda sa produksyon ng pinakabagong pelikula ng GEC nang harangin ng sindikato ang sasakyan ni Aidan. Subalit nabigo ang tangkang kidnapping dahil sa ekspertong martial arts trainer na noon ay kasama ng nasabing mga artista.”

Ipinakita sa screen ang mukha ng actor at actress pati na rin ang mga sasakyan na ginamit nila at ng mga would-be kidnappers.

“Tinamaan ng bala sa kaliwang braso ang trainer na ngayon ay nasa maayos at ligtas na kondisyon. Ayon sa imbestigasyon, kidnapping ang lumalabas na motibo base sa pagkakakilanlan ng mga napatay na miyembro ng YRS, isa sa pinakamalaking sindikato ng kidnap-for-ransom sa Plipinas. Samantala, ginanap ang press

conference nina Aidan at Nadine kasama ang direktor ng naturang pelikula upang isapubliko ang naturang insidente.” Pagkatapos ng balita ay ipinakita sa TV ang nagaganap na press conference.

Hindi namalayan ni Nicky na nakatulog siya habang nanonood ng TV. Nagising siya sa tawag sa telepono mula sa security guard ng condominium. Sinabi nito na may naghihintay siyang bisita sa ibaba. Biglang naalala ni Nicky ang thanksgiving dinner kasama ang production team. Mayamaya ay tumatawag na sa kanyang cellphone si Aidan.

“Hello, Ma’am...” untag ng security guard na nasa kabilang linya.

“Ah, sige, paakyat mo na muna,” natatarantang sagot ni Nicky sa kausap. Sinagot niya ang tawag ng binata sa kanyang cellphone nang maibaba niya ang landline. “I’m sorry, Aidan. Nakatulog kasi ako. Give me fifteen minutes. Akyat ka na lang sa unit ko. It’s on the fourteenth floor, number 1426.”

“It’s okay, take your time. Malapit lang naman ang bahay namin dito,” sagot nito.

Nagmamadaling tinungo niya ang closet. Kumuha siya ng isang pares ng dark jeans at pink

long-sleeved blouse. Papasok na siya ng banyo nang tumunog ang doorbell.

Dali-dali niyang binuksan ang pinto at pinapasok ang binata. Bumilis na naman ang tibok ng kanyang puso pagkakita niya rito. He was so gorgeous in that light blue striped long-sleeved polo shirt at blue jeans. Very manly ang dating nito na bumagay sa bahagyang tumutubo nitong buhok.

Tumikhim ito nang mapansin nakatulala siya. Bahagya itong ngumiti bago nagsalita.

“Hi! May I come in?”

Namula ang kanyang pisngi.

“Come in,” tugon ni Nicky at iginiya ang bisita palapit sa sofa nang makapasok ito sa loob. “Pagpasensyahan mo na ang unit ko, ha. Maliit lang at medyo magulo,” natatarantang sabi niya. Lalo siyang na-conscious nang mapansing nakatingin ang binata sa kanyang mga binti. Noon lang niya naalala na nakasuot nga pala siya ng shorts kaya litaw ang kanyang shapely long legs.

“Give me fifteen minutes.” Tumalikod na siya at pumasok sa banyo sa loob ng kuwarto niya.

Habang hinihintay ang dalaga ay iginala ni Aidan

ang tingin sa loob ng unit. Mas maliit iyon kumpara sa unit niya. Studio-type iyon, pang-isang tao lang. May isang malaking couch sa bahaging iyon ng living room. May family picture na nakasabit sa dingding. Nakasabit din ang graduation picture ni Nicky pati ang college diploma nito.

She looked like a goddess in long hair, sabi niya sa sarili habang nakatingin sa graduation picture nito. May salaming display cabinet kung saan nakapaloob ang iba't ibang certificates at medalya na karamihan ay mula sa pagsali nito sa taekwondo at archery. Sa bandang kaliwang bahagi ng unit ay isang maliit na kuwarto. Dahil may salaming dingding iyon ay nakita niya kung ano ang laman ng silid. Nagsisilbi iyon bilang mini-library na ang mga kagamitan ay isang *Macbook*, isang 24-inch desktop computer at isang PC tablet. Naroroon din ang isang 56-inch LCD television, isang study table at couch. Ang katabing kuwarto na salamin din ang dingding ay mahuhulaang mini-kitchen. Ang saradong pinto sa harapan niya ay kuwarto marahil ng dalaga.

Napangiti si Aidan. Naging curious siya kung ano ang hitsura ng silid nito. Nagulat siya nang biglang bumukas ang pinto. Lumabas si Dominique na nakabihis na.

“Ang bilis naman,” komento ng binata.

“Ayaw kasi kitang paghintayin,” biro niya.

Ilang sandali pa’y lulan na sila ng sasakyan ng binata na *Mazda 6* at binabagtas ang daan patungo sa bahay ng mga Sy sa *Dasmariñas Village*. Pinatugtog ni Aidan ang CD player ng sasakyan.

“Kumusta ka na? Magaling ba na ang sugat mo?” tanong nito, sabay sulyap sa kanya.

“Yes, it is.” Itinaas ni Nicky ang left sleeve ng kanyang blouse. Tanging manipis na bandage na lang ang nakatakip sa sugat niya.

“Good. May training pa rin tayo bukas?” nakangiting tanong nito.

“Oo naman, maliit lang ang sugat ko,” tugon niya. Tumingin ito sa kanya at ngumiti. Walang anu-ano ay pumailanlang sa loob ng sasakyan ang musikang *Angels Brought Me Here* na ni-revive ni David Cook.

Malamyos at napakaganda ng awitin. Ramdam na ramdam niya ang romantikong mensahe nito. Hindi siya tumitingin kay Aidan. Nararamdaman niya na paminsan-minsan itong sumusulyap sa kanya habang nagmamaneho.

*My dreams came true, when I found you
I found you, my miracle...*

Ayaw niyang bigyang pakahulugan ang mga sulyap nito. Mas lalong ayaw niyang pansinin ang sariling nararamdaman. Hindi kasama sa plano niya ang ma-in love sa binata.

Ilang saglit pa ay pumasok sila sa isang pribadong subdibisyon sa Makati. Napanganga siya sa nakita. Hindi lang pala mansyon ang pupuntahan nila, mas bagay na tawagin itong palasyo. Sumaludo ang isang unipormadong guwardya sa binata. Nang ihinto ni Aidan ang sasakyan sa harap ng mansyon ay lumapit ang isa pang unipormadong security guard at kinuha susi ng sasakyan para igarahe. Bigla ay nanliit si Nicky sa sarili nang matanaw ang mga bisita ng mga Sy.

Inalalayan siya ng binata sa kanang braso pababa ng sasakyan.

Tumingin siya rito at nagsalita, “I thought this will just be a simple dinner with the production team.” Hindi niya akalain na ang ordinaryong dinner pala rito ay engrandeng pagtitipon na para sa kanya.

“Yes, this is the whole movie production team and the TV executives. Plus a few friends and employees na inimbata ni Mama,” nakangiting

tugon ng lalaki. Napansin niyang may ilan ding media people sa pagtitipong iyon. Bahagya siyang huminto. Nagdalawang-isip siya kung tutuloy dahil gusto niyang umiwas sa mga tao lalo na sa miyembro ng press na malamang ay may ilang nakakakilala sa kanya. Binagalan niya ng paglakad papasok at dumistansya sa actor nang sa ganoon ay hindi siya makatawag ng atensyon.

“C’mon, let’s go, I’ll introduce you around.”
Akmang kukunin nito ang kamay niya.

Nag-atubili si Nicky. “Ah... eh... medyo sumama kasi ang tiyan ko...” pagkakaila niya. “Mauna ka na, susunod na ako. I’ll go to the comfort room first.”

“Okay.” Tumango ito. “Come, the comfort room is upstairs,” sabi nito na akmang hihilahin siya patungo sa loob ng bahay.

Siya namang pagdating ni Nadine. Seksing- seksi ito sa suot na micro-mini at strapless blouse. Napatili ito nang makita ang actor.

“Aidan!” masayang tawag nito sa binata, sabay pulupot ng mga braso sa leeg ng huli para humalik. Kung hindi nakaiwas ang huli ay malamang na sa labi tumama ang halik ng dalaga. Bagaman nakaramdam ng selos ay mabilis na tumalilis si Nicky habang

ang actress ay mahigpit na nakakapit sa binata. Bahagyang nakatungo ang ulo na dumerecho siya sa loob ng mansyon. Hinanap ng kanyang mga mata ang mga kakilalang miyembro ng production team. Natanawan niya ang mga ito sa dulong bahagi na malapit sa swimming pool.

Samantala, sina Aidan at Nadine naman ay kasalukuyang pinagkakaguluhan ng ilang reporters.

Mabuti na lang at nakalusot ako, sabi ni Nicky sa sarili habang patungo sa table ng mga kasamahan.

“Hi...” bati niya. Tumayo lahat ang mga ito upang humalik sa kanya.

“Thank God, Dominique, you’re fine,” masayang saad ng associate producer ng produksyon. Humalik din sa kanya ang executive producer.

Lumapit sa kanya si Arlene. “Thank you, Dominique, you’re really an angel.” Dahil sa sinabing iyon ng direktor ay naalala niya ang pinatugtog na kanta ng binata kanina. ‘Angel’ din ba ang turing nito sa kanya?

Natigil siya sa pag-iisip nang dumating si Simon. Humalik ito sa pisngi niya.

“It’s good to see you’re okay, Dominique. How’s

your wound?” tanong nito habang sinisipat ang kanyang braso.

Bahagya niyang inililis ang manggas ng kaliwang braso ng kanyang long-sleeved blouse upang ipakita sa mga ito na maayos na ang kanyang sugat. Humila ito ng upuan para sa kanya.

Sa kinauupuan ay tanaw niyang papalapit sa kanila na sina Aidan at Nadine.

“Hi, guys...” bati ng aktor. Isa-isa nitong hinalikan sa pisngi ang mga babae, pagkuwan ay tumingin sa kanya. “Dominique, my mom wants to see you. C’mon, she’s at the veranda,” aya nito sa kanya.

Sumama siya sa binata. Masuyong kinapitan siya nito sa braso at iginiya sa kinaroroonan ng ina.

Malayo pa lamang ay natanaw na niya ang nakangiting ginang.

“Kumusta na ang pakiramdam mo, Dominique?” tanong nito sa kanya habang hinahaplos ang kanyang mga braso.

“Maayos na po, Ma’am.” Bahagya siyang napangiti. Napakabait sa kanya ng ina ni Aidan. Ganito pa rin kaya ang magiging pakikitungo nito sa kanya pag nalaman nito ang kanyang tunay na

identity?

Saglit pa silang nag-usap bago nagpaalam ang ginang upang i-entertain ang mga panauhin. Hindi niya inaasahan ang pagdating ni Don Filemon Sy. Ipinakilala siya ng binata sa ama. Iniabot niya ang kamay sa Chairman and CEO ng PAW. Marami na itong kulubot sa mukha. Sa tantya ni Nicky ay nasa mga early sixties na ang ginoo bagaman matikas pa rin ang tindig. Mukha itong mabait at kagalang-galang. Ngumiti ito sa kanya.

“I do not know how to thank you for saving my son, Dominique...” tipid na sabi nito sa kanya. Inabutan siya nito ng isang calling card. Naroon ang mga pribadong contact numbers ng ginoo. “If you need my help, by any means, just call here.”

“Salamat po,” nakangiting tugon niya. Kinuha niya ang calling card nito. Nagpaalam sa kanila ang matandang lalaki upang batiin ang iba pang mga guests na naroroon.

Akmang tatalikod siya upang bumalik sa table ng production team nang hawakan siya ni Aidan sa kamay.

“Wait... stay with me,” pigil nito sa kanya. Nagtatakang tiningnan niya ito sa mga mata. Hindi

ito nagsalita, sa halip ay hinila siya papasok ng bahay. Bumilis ang tibok ng kanyang puso. May kakaibang init na idinudulot sa kanyang katawan ang pagkakadikit ng kanilang mga palad. Humantong sila sa wine bar nasa loob ng mansyon. Dimly lit sa bahaging iyon.

Nalula siya sa laki ng wine cellar na halos mas malaki pa sa unit niya. Pinilit niyang pakalmahin ang sarili kahit pa nga mabilis na mabilis ang tibok ng puso niya. Inalalayan siya nitong maupo sa mataas na bar stool bago ito kumuha ng isang bote ng pink champagne at dalawang kopita. Nagsalin ito at ang isang baso ay iniabot sa kanya.

“Thanks,” aniya.

Nakatitig lang sa kanya ang aktor, hindi pa rin nagsasalita. Na-conscious tuloy siya. Dinala niya sa bibig ang kopita at sumimsim. Gumuhit ang magkahalong init, tamis at pait ng alak sa kanyang lalamunan. Ngunit mas higit pa roon ang naramdaman niya nang lumapit si Aidan sa harapan niya. Hinawakan nito ang kanyang mga kamay.

Biglang bumilis ang pintig ng kanyang puso.

“I like you, Dominique...” anas nito.

Sari-saring emosyon ang naramdaman niya nang

marinig ang mga katagang iyon mula rito. Napatayo siya. Gusto niyang umalis subalit animo namamanhid ang kanyang mga paa. Wala siyang ibang naririnig kundi ang malakas na tibok ng kanyang puso. Nagtama ang kanilang mga mata nang yumuko ito at angkinin ang kanyang mga labi. She tasted the sweetness of his lips. His fragrant breath filled her senses. His tongue darted inside her mouth. Lalo pang tumindi ang sensasyong naramdaman niya. Kusang umakyat ang kanyang mga kamay sa batok ng lalaki.

Mayamaya ay biglang sumindi ang ilaw. Nakita ni Nadine ang eksenang iyon sa pagitan nilang dalawa.

Pakiramdam ni Dominique ay binuhusan siya ng malamig na tubig at iyon ang nagpabalik sa kanyang katinuan. Kumalas siya sa binata. Umasim naman ang mukha ng actress sa nakita.

“Kaya pala hindi kita makita, may iba ka palang pinagkakaabalahan,” pasaring nito sa kanila. “Tell me, Aidan, ano’ng namamagitan sa inyong dalawa na hindi namin alam?” Siya naman ang hinarap ng dalaga. “At ikaw, kasama ba sa job description mo ang i-seduce si Aidan?”

Ayaw niyang patulan pa ang actress. Nagmamadaling nilisan ni Nicky ang wine bar. Bago siya tuluyang makalabas ay narinig niya ang

pagtatalo ng dalawa.

“I don’t owe you any explanation, Nadine!”
narinig niyang sigaw ng binata sa leading lady nito.

Dere-derechong lumabas ng mansyon si Dominique. Suwerteng may taxi na papalabas ng nasabing subdivision. Sumakay siya roon at nagpahatid sa condominium building na tinutuluyan.